Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-18 NG PEBRERO, 2004, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-10:00 NG UMAGA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ............ | PANG.PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ............ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............ | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ............ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............ | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ............ | Kagawad |
| *Kgg. Mike Jomel M. Ombico* | ............ | *Kagawad – SK* |

Di-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | ............ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ............ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............ | Kagawad |
| *Kgg. Angelito U. Limjuco* | ............ | *Kagawad – ABC* |

KAPASIYAHAN BLG. 064-T'04

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG ITO NG BARANGAY POBLACION V, BAYANG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG PITONGDAAN WALUMPU'T PITONG LIBO DALAWANGDAAN DALAWAMPU'T DALAWANG PISO AT LABING WALONG SENTIMOS (P787,222.18)*

*SAPAGKA'T*, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 004-T'04 / Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 002-T'04 ng Sangguniang Barangay ng Poblacion V na *nagpapatibay sa taunang badyet para sa taong 2004 ng nabanggit na barangay;*

*SAPAGKA'T, ito ay dumaan sa pagsusuri ng Lupon sa Pananalapi ng pamahalaang* bayan;

*SAPAGKA'T*, anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay pananagutan ito ng Sang. Brgy. ng Poblacion V.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang Taunang Badyet para sa taong ito ng Barangay Poblacion V, bayang ito na nagkakahalaga ng P787,222.18.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, *Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sang. Brgy. ng Poblacion V, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.*

*PINAGTITIBAY*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
*Pang. Punong Bayan*
*Tagapangulo*

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan